
5

DepEd
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 5: Pang Ekonomikong Pamumuhay ng mga Pilipino sa Panahong Pre-Kolonyal



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 5: Pang Ekonomikong Pamumuhay ng mga Pilipino sa Panahong Pre-Kolonyal**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Edmund I. Tupas,
**Editor:** Wilberto M. Peligro, Ronald B. Llaneta, Ramil P. Bingco, at Rosemarie M. Guino
**Tagasuri:** Asuncion S. Barola, Avelina S. Tupa Jocelyn Apolinario, Lorna Maga,at Rosemarie M. Guino
**Tagalapat:** Earl Bennette A. Roz
**Tagapamahala:**
Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Nova P. Jorge
Genis S. Murallos
Francis Angelo S. Gelera
Rosemary S. Achacoso
Mario R. Orais
Roel C. Tugas
Regel C. Mullet

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 – 323-3156
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 5 :
## Pang Ekonomikong Pamumuhay ng mga Pilipino sa Panahong Pre-Kolonyal

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Araling Panlipunan–Ikalimang Baitang** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Pang Ekonomikong Pamumuhay ng mga Pilipino sa Panahong Pre-Kolonyal**.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa Mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Araling Panlipunan–Ikalimang Baitang** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Pang Ekonomikong Pamumuhay ng mga Pilipino sa Panahong Pre-Kolonyal**.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita mo kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay Gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Matututunan mo sa modyul na ito kung ano ang paraang pang ekonomiko at pamumuhay ng mga Pilipino sa panahong pre-kolonyal. Bukod sa pamumuhay, susuriin din ang naging kabuhayan ng ating mga ninuno at kung paano nila ito iniayon sa kanilang kapaligiran. Kabilang sa mga kabuhayang ito ang pagsasaka, pangingisda, panghihiram/pangungutang, pangangaso, *slash and burn,* pangangayaw, pagpapanday, paghahabi at iba pa.

Malalaman din sa modyul na ito ang mga bansang nakipagkalakalan sa Pilipinas at ang kani-kanilang mga produkto. Ang mga ito ang tumulong sa mga Pilipino upang matustusan ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan at makapamuhay nang masagana noong sinaunang panahon.

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

Makasusuri sa mga pang-ekonomikong pamumuhay ng mga Pilipino sa panahong pre-kolonyal ayon sa panloob at panlabas na kalakalan at uri ng kabuhayan (pagsasaka, pangingisda, panghihiram/pangungutang, pangangaso/*burn* pangangayaw, pagpapanday, paghahabi at iba pa).

## Subukin

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat aytem. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa inyong sagutang papel.

1. Anong paraan ng pagsasaka ang nililinis at sinusunog muna ang burol bago taniman?
   A. pag-aararo
   B. pagbabakod
   C. pagkakakaingin
   D. pagnarnarseri

2. Alin sa mga sumusunod ang HINDI hanapbuhay ng mga sinaunang Pilipino?
   A. pagsasaka
   B. pangingisda
   C. pangangaso
   D. pagiging katulong sa ibang bansa

3. Naging tanyag ang mga Pilipino noon dahil sa mga gawaing ito maliban sa isa. Ano ito?
   A. pagpapalayok
   B. paghahabi
   C. paggawa ng sasakyang pandagat
   D. paggawa ng kasangkapang elektroniks

4. Ano ang tawag sa sistema ng pakikipagkalakalan noong pre-kolonyal?
    A. barter
    B. komunismo
    C. open trade
    D. sosyalismo

5. Anong bansa ang HINDI tuwirang nakipagkalakalan sa Pilipinas noon?
    A. China
    B. India
    C. Indonesia
    D. Saudi Arabia

6. Anong lugar ang naging tanyag at sentro ng kalakalan sa bansa noong pre-kolonyal?
    A. Cebu
    B. Davao
    C. Leyte
    D. Manila

7. Ano ang tawag sa gawaing pang ekonomiko na gumagawa ng mga bagay na mula sa metal tulad ng ginto?
    A. pangangaso
    B. pangingisda
    C. metalurhiya
    D. pangangalap ng pagkain

8. Ang ___________ ay ginagamit sa paggawa ng mga palamuti tulad ng pulseras at hikaw noong pre-kolonyal.
    A. bato
    B. dahon
    C. perlas
    D. plastik

9. Alin sa mga sumusunod ang HINDI dalang produkto ng mga Tsino sa bansa?
    A. kristal
    B. salamin
    C. tapayan
    D. timbangan

10. Kung ikaw ay nabuhay noong pre-kolonyal at ang iyong trabaho ay paggawa ng mga sandata mula sa bakal, ano ang tawag sayo?
    A. karpentero
    B. latero
    C. mason
    D. panday

# Aralin 1
# Pang Ekonomikong Pamumuhay ng mga Pilipino sa Panahong Pre-Kolonyal

Sa araling ito ay mapag-aaralan mo ang iba't ibang uri ng mga gawaing pang ekonomiko ng mga Pilipino sa panahon ng pre-kolonyal. Masusuri mo rin kung ano anong mga bansa ang nakipagkalakalan sa atin at ang mga produktong dala nila bilang kapalit sa ating mga sariling produkto.

## *Balikan*

**Panuto:** Suriin ang mga pahayag sa bawat bilang. Isulat sa sagutang papel kung ito ay **TAMA o MALI.**

1. Natutong gumamit ng makinis na bato ang mga Pilipino noong Panahon ng Neolitiko.
2. Ang datu ang pinakamababang antas ng tao sa lipunan.
3. Ang kababaihan ay walang karapatan sa lipunan.
4. Bukod sa pagiging tagapagbalita ay tagalitis din ang umalohokan.
5. Mahalaga ang pakikipag-ugnayan ng bawat barangay noon para sa tahimik at matiwasay na pamumuhay.

## *Tuklasin*

**Panuto:** Suriin at kilalanin nang mabuti ang mga uri ng kabuhayan na ipinapakita sa ibaba. Tukuyin kung anong produkto ang makukuha o magagawa nila. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

1. 

2. 

3. 

4.



5.



6.



7.



# *Suriin*

Sinasabing mayaman ang bansang Pilipinas noon pa man. Ito ay makikita sa uri ng kabuhayan mayroon ang ating mga ninuno. Nakasalalay sa likas na yaman ang uri ng hanapbuhay nila sa kapuluan. Natuto ang mga Pilipino na iangkop ang kanilang kabuhayan sa kanilang kapaligiran.

Isa sa pangunahing kabuhayan ng mga sinaunang Pilipino ay ang pagsasaka o agrikultura. May dalawang paraan ng pagsasaka ang kanilang ginawa. Ang **pagkakaingin** o ang paghahawan at pagsusunog na paraan pagsasaka ay ginagawa sa burol. Ang isang paraan naman ay ang paggamit ng mga irigasyon patubig sa mga sakahang nasa patag na lugar Ang mga palay, mais, niyog, t iba pang mga punongkahoy ang ilan sa mga pangunahing pananim ng mga katutubong Pilipino.

Ang lokasyon ng bansa ay napapalibutan ng karagatan kaya iniaayon ng mga sinaunang Pilipino ang kanilang pamumuhay. Sila ay naging mangingisda, at paninisid ng mga kabibe lalo na yung mga nasa malapit sa dagat at ilog.

Natuklasan din nila ang paggawa ng mga produktong gawa sa hilaw na materyal. Kaya nabuhay ang industriya ng pagpapalayok, paghahabi, paggawa ng mga sasakyang-pandagat, at iba pa.

Bukod sa agrikultura, gawain ng mga ninuno natin noon ay ang **pagpapanday** ng mga metal tulad ng ginto na kung tawagin ay **metalurhiya.** Mahusay gumawa ng mga produkto gawa sa metal ang mga Pilipino.

Sa huling bahagi ng Panahon ng Bakal, nagsimulang makipagkalakalan ang mga ninuno natin sa mga karatig bansa sa Timog Silangang Asya. Naging sentro ng kalakalan ang Manila. Sa simula ay nagpapalitan sila ng kani-kanilang produkto. Ang pagpapalitan ng produkto na ito ay tinatawag na sistemang **barter**. Ang mga bansang China, Indonesia at Saudi Arabia ang mga nakikipagkalakalan sa bansa.

Sinasabing ang bansang India ay hindi tuwiran ang pakikipagkalakalan sa bansa dahil ang mga produktong kristal, abaloryo at pulseras ay nakarating sa bansa mula sa Indonesia. Di kalaunan, may mga karatig bansa rin ang nakipagkalakalan tulad ng Thailand at Japan. Marami tayong natutunan sa kaugalian at kultura ng mga bansang nakipagkalakalan sa bansa. Ito ang tinatawag na di-direktang impluwensya sa atin.

## *Pagyamanin*

**Panuto:** Lagyan ng mukhang nakangiti (☺) ang ginagawa o hanapbuhay ng mga Pilipino noon at malungkot na mukha (☹) naman kung hindi. Isulat ito sa inyong sagutang papel.

______1. Pagpapanday

______2. Panghuhuli ng mga isda

______3. Pagtatanim o pagsasaka

______4. Paninisid ng perlas o kabibe

______5. Pangangalakal ng mga kagamitang di-kuryente

## *Isaisip*

**Panuto:** Lagyan ng tsek (✓) ang ginagawa o hanapbuhay ng mga Pilipino noon at ekis (**✕**) naman kung hindi. Isulat ito sa inyong sagutang papel.

_________ 1. Paghahabi ng tela.

_________ 2. Pagbebenta ng mga kalakal o produkto.

_________ 3. Pagkukumpuni ng sirang kable ng koryente.

_________ 4. Pagmimina ng ginto, pilak, at iba pang mineral.

_________ 5. Paggawa ng kagamitang pinatakbo ng elektrisidad.

## *Isagawa*

**Panuto:** Suriin kung **Tama** o **Mali** ang mga sumusunod na mga pahayag. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

_______ 1. Walang kaalaman sa pagmimina ang mga ninuno noon.

_______ 2. Ang kalakalan noon ay kilala sa tawag na sistemang barter.

_______ 3. Ang mga likas na yaman ay napakahalaga sa pamumuhay ng mga katutubong Pilipino.

_______ 4. Ang paghahanapbuhay ng mga Pilipino noon ay nakadepende sa katangian ng lugar na kanilang tinitirhan.

_______ 5. Ang mga palay, mais, niyog, at iba pa pang punongkahoy ang ilan sa mga pangunahing pananim ng mga katutubong Pilipino.

## *Tayahin*

**Gawain A.**

Gamit ang tsart sa ibaba, sagutin. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno

Suriin ang mga naging kontribusyong pang-ekonomiko ng mga sinaunang Pilipino sa panahon ng pre-kolonyal.

| Kontribusyon sa Pagsasaka | Kontribusyon sa Industriya | Kontribusyon sa Pakikipagkalakalan |
|---|---|---|
| | | |

# *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Gumupit ng mga larawan at idikit sa bondpaper ang mga hanapbuhay noong unang panahon tulad ng:

1. Pangingisda
2. Pangangaso
3. Paghahabi
4. Pagtatanim
5. Barter o kalakalan

## *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1. B
2. D
3. D
4. A
5. B
6. D
7. C
8. C
9. A
10. D

**Balikan**

1. Tama
2. Mali
3. Mali
4. Tama
5. Tama

**Tuklasin**

1. Pagsasaka
2. Pangingisda
3. Pangangaso
4. Pagpanday
5. Paghahabi

**Pagyamanin**

1. ☺
2. ☺
3. ☺
4. ☺
5. ☹

**Isaisip**

1. ✓
2. ✓
3. ✗
4. ✓
5. ✗

**Isagawa**

1. Mali
2. Tama
3. Tama
4. Tama
5. Tama

| Tayahin | | |
|---|---|---|
| **Kontribusyon sa Pagsasaka** | **Kontribusyon sa Industriya** | **Kontribusyon sa Pakikipagkalakalan** |
| ➢ Nalaman ang iba't-ibang uri ng pagsasaka<br>➢ Nagkaroon ng sariling suplay ng pagkain<br>➢ Nagamit ang mga nakatiwangwang na lupa | ➢ Nagkaroon ng paghahabi, pagpapalayok at paggawa ng mga sasakyang-pandagat<br>➢ Umusbong ang metalurhiya | ➢ Nakarating sa bansa ang iba't-ibang produkto<br>➢ Naimpluwensyahan ang kultura at pamumuhay ng mga Pilipino |

# *Sanggunian*


Gabuat, M. A, Mercado M., and Jose M. *Araling Panlipunan 5.* Philippines: Vibal group Inc., 2016

Julian, A., Lontoc N. *Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino.* 927 Quezon Ave., Quezon City: Phoenix Publishing House, INC., 2017

Avelina P. Palu-ay Makabayan Kasaysayang Pilipino 5 Araneta Avenue, cor. Ma. Clara St. Quezon City: 2010 LG & M Corporation

<https://www.pexels.com/photo/woman-making-clay-jar-2166439/> [Accessed 11 June 2020].

Wallpaperflare.com. 2020. *HD Wallpaper: People Planting Rice, Labour Day, Work, Working Peoples, Lifestyle | Wallpaper Flare*. [online] Available at: <https://www.wallpaperflare.com/people-planting-rice-labour-day-work-working-peoples-lifestyle-wallpaper-zbysw> [Accessed 10 June 2020].

Flickr. 2020. *Tularawan 06: Pag-Asa Sa Pangingisda (Ni Duane Mendoza)*. [online] Available at: <https://www.flickr.com/photos/leonbedista/3462569478> [Accessed 10 June 2020].

Slideshare.net. 2020. *Mga Yugto Ng Pagunlad Ng Sinaunang Tao. (Paleolitiko,Meso,Neo At Meta…*. [online] Available at: <https://www.slideshare.net/prettymycz/mga-yugto-ng-pagunlad-ng-sinaunang-tao-paleolitikomesoneo-at-metal> [Accessed 10 June 2020].

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph